

1

Habang pinagmamasdan ni Riza ang paulit-ulit na paghampas ng alon sa dalampasigan, pakiwari niya ay ganoon binabayo ang kanyang puso. Masamang-masama ang kanyang loob. Pakiramdam niya ay wala nang maganda sa mundo. Hiram ng luha ang mga matang sinulyapan niya ang paligid. Walang gaanong tao sa resort. Palibasa'y Enero noon, malamig pa ang panahon kaya di pa gaanong puntahin ang baybayin.

Tamang-tama iyon sa kanya. Dahil nang mga sandaling iyon ay gusto talaga niyang mapag-isa. Tahimik na tanggapin ang pait ng damdamin, ang pang-ilang ulit na pagkatalo kay Lane.

Magkasama silang nagtungo ng kanyang kaibigang si Lane sa Vigan para tulungan niya itong maghanap ng akmang lokasyon para sa kukunang patalastas ng kompanyang pinagtatrabahuhan nito.

Di-sinasadya'y nakatagpo nila si Mark, ang isa nilang kakilala na matagal nang pinag-iilusyunan ni Riza.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” usisa ni Riza.

“May ipinaaasikaso sa ‘kin si Papa,” sagot ng binata.

“How nice to see you here, of all places! Magtatagal ka ba?” Hindi natiis ni Lane na hindi sumingit. Ayaw nito ng hindi napapansin.

“Siguro mga two or three days pa. Kayo?” baling dito ni Mark.

“Mga ganoon din. Pagkatapos ng inaayos mo, baka naman puwede tayong mamasyal,” suhestiyon ni Lane, sabay ngiti nang ubod tamis.

“Aba’y puwedeng-puwede!” sang-ayon ng lalaki.

Mula nga noon ay parati na silang magkakasama. Nilibot nila ang Vigan. Masayang sinaliksik ang bawat lugar na balita nila ay may magandang tanawin o di kaya ay may makasaysayang pangyayaring naganap.

“Nakakatuwa rito sa Vigan, ano? Pakiramdam mo’y nasa panahon ka pa ng Kastila,” sabi ni Mark habang naglalakad-lakad sila.

“Oo nga. Paano naman, halos lahat ng bagay dito ay sa panahong iyon pa itinayo,” sang-ayon ni Riza.

“Para ngang masasalubong ko anumang sandali si Jose Rizal, eh,” singit ni Lane.

“At ano naman ang sasabihin mo pag nasalubong mo nga siya, aber?” nagbibirong tanong ng binata.

“Siyempre, sasabihin ko sa kanya na mas maganda akong karakter sa nobela niya kaysa kay Maria Clara na walang ginawa kundi magpa-cute nang magpa-cute,” hirit ng babae.

“Sa tingin ko nga, mas nakakaintriga ka kaysa kay Maria Clara,” sabi ni Mark.

Nakaligtas sa paningin ni Riza ang makahulugang pagtatama ng mga mata nina Mark at Lane. Hindi niya napansin ang nanunuksong ngiting sumungaw sa labi ng kaibigan at ang tahimik na pagtanggap ni Mark ng paghahamong nakakubli roon.

“Sayang, babalik na tayo sa Maynila bukas,” nanghihinayang na saad ng binata.

“Ma’no naman? Puwede pa tayong magkita-kita maski nandoon na tayo,” tugon ni Riza na akala ay ang masayang pagsasamahan nilang tatlo ang ayaw mapatid ng lalaki.

“Kung sa bagay,” sabi na lang ni Mark.

Kinagabihan, sa pagod ay maagang nakatulog si Riza sa inn na tinutuluyan nilang magkaibigan.

Hatinggabi nang makadama siya ng panunubig. Bumangon siya para magtungo sa banyo.

Paglabas niya ng silid ay may naaninag siya sa kabilang dulo ng pasilyo, kung saan ay may malaking bintanang nakabukas sa liwanag ng buwan. Bahagya siyang natakot. Naisip na baka may nagmumulto sa inn na iyon. Hindi malayong mangyari dahil napakaluma na nito at tiyak na ilang beses nang nagsalinlahi ang mga tumira rito.

Dahan-dahan siyang naglakad at sinipat ang naaaninagan. Dahil kinakabahan ay hindi siya gaanong makalapit kaya nahirapan siyang kilalanin ang mga hugis na natatanaw.

Nang masanay na sa kadiliman ang mga mata ay saka lang napiho ni Riza na hindi multo, kundi buhay na mga tao ang nakatayo sa tabi ng bintana. Buhay na buhay at magkayakap, magkahinang ang mga labi.

Mayamaya ay nagsalita ang isa sa mga ito. "This is so romantic! Imagine, kissing under the moonlight."

Natigilan si Riza. Nakilala niya ang tinig. Si Lane.

"Kaya nga ayoko pa sanang bumalik ng Manila, eh. Mas maganda rito. Malayo tayo sa lahat. Parang solo natin ang daigdig," sagot ng kayakap nito.

Hindi na kailangang maging manghuhula ni Riza para malamang si Mark ang kasama ng kaibigan sa dilim. Naninikip ang dibdib, marahan siyang umatras hanggang sa marating ang kanyang silid. Laking pasasalamat niya at di siya napansin ng dalawang magkaulayaw. Tagumpay siyang nakapasok ng pinto nang hindi siya namalayan ng mga ito.

Tuloy-tuloy siya sa kama, sumubsob doon at pilit na pinigil ang luhang nagtatangkang sumungaw sa kanyang mga mata. Pero hindi niya napigilan ang maghinanakit kay Lane. Alam na nitong noon pa siya may gusto kay Mark, ngunit hindi pa rin nito pinaligtas ang lalaki. Buti sana kung noon lang nangyari ang ganoon. Ang kaso, ilang ulit na. Kung kokomprontahin naman niya si Lane, parang nahihiwatigan na niya ang isasagot nito.

‘Paano ko mapipigilan ang sex appeal ko?’ tiyak na sasabihin ng kaibigan.

Napailing na lang si Riza. Matagal na niyang kilala si Lane. Mabuti itong kaibigan, huwag lang lalaki ang pag-uusapan.

Sabay-sabay silang bumalik sa Maynila kinabukasan. Ngunit parang walang kasama sina

Mark at Lane. Ang mga ito ang magkatabi sa bus. Sa tuwing sinusulyapan niya ang mga ito, parati niyang nahuhuling nagtititigan ang dalawa. Para bang ang mga ito lang ang tao sa mundo. Kaya ganoon na lang ang kanyang pagtitimpi para hindi mapaiyak.

Dahil masama ang loob, isang araw pa lang si Riza sa Maynila ay nagpasya na uli siyang umalis. Nagtungo siya sa isang resort sa Zambales. Ang dahilan niya sa sarili, para tapusin ang isinusulat niyang script ng isang telesine. Ngunit ang totoo ay para tahimik na paghilumin ang tinamong sugat ng damdamin.

Bumalik sa kasalukuyan si Riza nang matanaw ang isang lalaking nagdya-jogging sa baybayin. Hindi niya naiwasang hindi tumitig dahil napakakisig ng lalaking iyon. Naka-shorts lang ito at kitang-kita ang katigasan ng mga masel sa hita. Kaaya-ayang pagmasdan ang malapad na dibdib nito, na bukod sa hustong-husto lang ang pamumukol ng mga kalamnan ay nangingintab pa na animo'y pinahiran ng langis.

Walang anu-ano ay lumingon ang lalaki.

Hindi agad nakapagbaba ng tingin si Riza kaya huling-huli siya nito.

Kung Mawawala Ka Pa Sa Akin - Kayla Caliente

Ibabaling na sana ng dalaga ang kaniyang mga mata sa karagatan nang ngumiti ang lalaki at kumaway sa kanya bago ipinagpatuloy ang pagtakbo.

Maski hindi na nakatingin ang lalaki ay gumanti pa rin ng ngiti si Riza. Kahit paano ay gumaan ang kanyang pakiramdam.

Binilisan ni Rig ang pagpadyak ng mga paa. Kahapon, pagdating niya, napuna niya agad si Riza na malungkot, parang wala sa sariling nakatanaw sa malayo. Unang kita pa lang niya rito ay napiho na niyang may dala itong sama ng loob. Kagaya niya. Nakadama siya ng habag para sa dalaga kaya nginitian niya ito.

Pero hanggang doon lang, hanggang ngiti lang, giit niya sa sarili. Wala siyang balak sumuong sa anumang ugnayang pampuso nang mga sandaling iyon.

2

Tahimik ang paligid. Ang mauulinigan lang ay ang hampas ng alon sa baybayin. Habang naglalakad ay nakatingala si Riza sa langit. Gahibla na lang ang buwan noon ngunit may dulot pa rin itong liwanag.

Lalong namanglaw ang dalaga. Naalala niya ang eksena sa Vigan na naganap din sa lilim ng maliwanag na buwan.

Dahil abala sa nararamdaman ay di niya napuna ang taong nakatayo sa may baybayin.

“Ay!” Sa gulat, kulang na lang ay lumundag pati na ang kaluluwa ni Riza.

“Naku! Sorry, ha? Hindi kita nakita, eh,” agad niyang hingi ng paumanhin nang maaninag sa dilim ang mukha ng kanyang nabangga—ang lalaking tumatakbo sa dalampasigan kaninang umaga.

“Okay lang. Masyado yatang malalim ang iniisip mo’t di mo ‘ko napansin, eh, ang laki-laki ko,” sabi nito.

“H-ha? O-oo... este... hindi!” Sa katarantahan ay hindi malaman ni Riza kung ano ang kanyang

sasabihin.

“O, relax ka lang. Hindi naman kita kakainin,” natatawang pahayag ni Rig.

Humugot ng hininga ang dalaga.

Kalmante lang at nagmumukha kang tanga, payo niya sa sarili.

“Nagulat kasi ako,” sabi niya. “Para ka kasing dagang nakatalungko diyan. Ang tahi-tahimik mo, ni hindi ka gumagalaw. S-siguro nagmumuni-muni ka rin, ano?”

“Bagay naman talaga sa malalimang pag-iisip ang lugar na ito, di ba?” ani Rig. “Ako, kapag gusto kong mag-isa’y sa ganitong baybayin ako nagpupunta.”

Nagpaparinig ba ’to para layasan ko na siya? sumagi sa isip ni Riza.

“Pero minsa’y nakakabagot na ring mag-isa. Gusto mong magkuwentuhan muna tayo?” patuloy nito.

“Bakit hindi? Tatlong araw na ‘kong walang kausap. Sinisimulan ko na ngang kwentuhan ang mga dingding sa kuwarto ko, eh.”

“Okay lang iyon. Ang masama’y kapag sumagot

sila. Kapag nangyari iyon, talagang ang ibig sabihin...” Inikut-ikot ni Rig ang hintuturo sa tapat ng isang tainga.

“Ah, hindi pa. Ilang paligo pa bago ako tuluyang maging luka-loka,” nakikipagbiruang tugon ni Riza.

“Halika, maupo tayo.” Giniyahan ni Rig ang dalaga patungo sa dagat. Doon sila naupo sa sugpungan ng tubig at buhangin.

Tila nga sabik sila sa kausap. Tumawid na sa langit ang buwan ay tuloy pa rin sila sa pagkukuwentuhan. Kung anu-ano ang naging paksa nila. Ang hindi lang yata nila nabanggit ay ang tunay na dahilan kung bakit sila nandoon sa lugar na iyon.

“May tinatapos akong trabaho at kailangan ko ng katahimikan,” ani Riza.

“Gusto kong magpahinga. Mula nang simulan ko ang negosyo ko’y ngayon pa lang ako nakapagbakasyon,” dahilan naman ni Rig.

“Uy! Mag-uumaga na pala.” Ang binata ang unang nakapuna ng pagkukulay rosas ng kalangitan. “Kaya pala hindi ko na halos maidilat ang mga mata ko.”

“Oo nga ano?” Humikab si Riza.

“Sige, matulog ka na,” anang lalaki.

“Ikaw?”

“Mamaya na lang. Hihintayin ko pa ang pagsikat ng araw.”

Natigilan si Riza sa akmalang pagtayo. Saglit siyang nag-isip.

“Sasamahan na kita,” aniya.

Nanatili sila sa baybayin hanggang sa kumalat ang ginintuang liwanag sa buong paligid.

Isang bagong umaga, isang bagong pag-asa.
Iyon ang naglalaro sa isipan ni Riza. Palihim niyang sinulyapan si Rig. Ito kaya ang dahilan kung bakit itinulak siya rito ng tadhana?

Alas-dos na marahil nang gisingin si Riza ng katok sa pinto ng kanyang silid. Bumangon siya at binuksan iyon.

“Sorry. Naistorbo ba kita?” sabi ni Rig nang makitang pupungas-pungas ang dalaga. “Babalik na lang ulit ako mamaya...” Umakma itong aalis.

“Teka, bakit ba?”

“Eh... manananghalian na sana ako, naisip kong yayain ka. Mas enjoy kasing kumain nang may kasalo.”

“Sige, nagugutom na nga rin ako. Magbibihis lang ako sandali.”

“Magkita tayo doon sa restaurant,” anang binata bago umalis.

Mabilis na nag-ayos si Riza. Naghilamos siya. Madaliang sinuklay ang buhok. Pagkuwa’y nagpalit ng damit. Aywan niya pero parang nananabik siyang makapiling muli si Rig.

Matapos kumain ay naglibot sila sa resort. Gaya ng dati, walang puknat ang kanilang paghuhuntuhan.

“Alam mo, naaalala ko sa iyo ang kapatid ko,” sabi ni Rig nang nagpapahinga na sila sa lilim ng mga punong niyog sa dalampasigan. “Medyo kahawig mo siya.”

“Talaga? Hindi kaya anak ako sa labas ng tatay mo?” Nasa mood magbiro si Riza.

Humagalpang ng tawa si Rig.

“Puwede. May pagkapalikero nga ang tatay ko,

eh,” pakikipagbiruan nito. “Taga-saan ba kayo?”

“Loko mo! Binibiro lang kita. Sigurado ako kung sino ang ama ko. Alam mo bang ang tagal-tagal nila akong hinintay? Akala nga nila’y hindi na sila magkakaanak. Pagdating ko, bigla namang nagkasunod-sunod ang pagbubuntis ni Mommy hanggang sa maging tatlo kaming magkakapatid.”

“Mabuti’t wala kang isinama sa mga kapatid mo,” ani Rig.

“May mga pamilya na sila. Iyong sumunod nga sa ‘kin ay nasa Switzerland dahil doon nadeestino iyong napangasawa niya.”

“Eh, ang mga magulang mo?”

“Sa probinsya sila namamalagi,” pagtatapat ni Riza. “Pero ngayon ay nasa Switzerland sila, dinadalaw iyong kapatid ko. Ikaw, nasaan ang pamilya mo?”

“Patay na ang parents ko. May isa akong kapatid pero nasa States siya. Nagdo-doctorate at malamang ay doon na mamalagi.

“Nami-miss mo siya?”

“Medyo. Close kasi kami n’un, eh.”

“Mag-isa ka na rin pala sa buhay. Buti’t hindi ka pa nag-aasawa?” puna ni Riza.

Agad na binalot ng kalungkutan ang mukha ng lalaki.

“Ayaw mo bang magmerienda? Gutom na ‘ko.” Tumayo si Rig para tuluyang iwasan ang tanong na iyon.

“Sige, snack tayo. Ikaw naman ang ililibre ko.” Inabot niya ang kamay ng binata para makatayo siya.

“Talaga bang uuwi ka na bukas?” paniniguro ni Rig kay Riza. Nasa baybayin ulit sila. Namamasyal. Aywan niya pero nakadama siyang kalungkutan sa pag-iisip na iyon na ang huling gabing magkakasama sila.

“Kailangan na, eh. Marami pa ‘kong aasikasuhin,” sabi ni Riza na nalulungkot din. Sa loob ng limang araw na lagi silang magkasama ay nawalang parang bula ang lahat ng sama ng loob niya sa naganap sa Vigan. Pinawi ng masayang kuwentuhan nila ni Rig. Ngayong paalis na siya, pakiramdam niya ay magwawakas na nang tuluyan ang maganda nilang samahan. Iba na siyempre kapag nasa siyudad na sila. May kani-kanya na silang buhay roon.

“Dapat pala, sulitin na natin. Gusto mong mag-night swimming?” tanong ng lalaki.

“Sige,” sang-ayon ni Riza. Kakatwang sa tinagal-tagal nila sa beach resort na iyon, ni minsan ay hindi sila nag-swimming. “Teka, magbibihis lang ako.”

“Huwag na. Ganyan na lang!”

“Ha?”

“Tara!”

Kinaladkad na siya ni Rig patungo sa tubig kaya’t wala na siyang nagawa kundi sumunod dito.

“Brrr! Ang ginaaaw!” Nangaligkig agad siya paglusong sa dagat.

“Lumublob ka kasi. Mas giginawin ka kapag nahahanginan ka.”

“Ayoko! Babalik na ‘ko...”

“Ang corny mo, ha?” kantiyaw ng lalaki. “Halika nga!”

Bago nakahuma si Riza ay hinapit na siya ni Rig sa baywang, sabay silang lumublob.

“Loko ka, ah!” agaw-hiningang baling dito ni Riza nang lumitaw ang ulo nila mula sa tubig. Bilang

ganti ay pinagsasabuyan niya ito.

“Tama na, hoy! Malulunod na ‘ko. Sabing tama na, eh!

Nang hindi tumigil ang dalaga ay ibinilanggo siya ng matitipunong bisig ni Rig.

“Akala mo uurungan kita, ha?” Tumatawa pa rin si Riza nang mapansin niya kung gaano na kalapit ang mukha nila sa isa’t isa. Agad siyang tumigil.

Napawi rin ang ngiti ni Rig. Nang mga sandaling iyon, para bang napakanatural na hagkan niya ang babaeng pinupuluputan ng kanyang mga braso. Tila may nag-uudyok sa kanyang damhin ang tamis ng labi nito.

Ilang pintig ng sandali ang lumipas.

Natutunugan ni Riza, hahalikan siya ni Rig.

Pero wala siyang kakayahang tumanggi. Ni ayaw niyang kumilos para huwag mabasag ang mahika ng saglit na iyon.

Sinapo ng binata sa batok si Riza. Lalo pang lumapit ang mukha nito.

Napapikit ang dalaga. Hinihintay na lang niya ang pagsayad ng labi ni Rig sa labi niya.

Ngunit sa huling sandali ay natigilan ang lalaki.

Bigla siyang binitawan nito.

Parang nanlamig ang buong katawan ni Riza nang maglayo sila ng binata. Hindi siya agad nakakilos. Parang napako siya sa kinatatayuan.

“Sorry...” Iyon lang ang nasabi ni Rig. Paano ba niya maipapaliwanag na katatapos lang niya sa isang relasyong di maganda ang naging wakas?

Nang makabawi si Riza, dali-dali niyang iniwan ito. Agad siyang nagtuloy sa kanyang silid. Nahiya siya sa kanyang ikinilos. Kakikilala pa lang niya kay Rig ay di na siya nangiming pahalik dito.

Sa buong magdamag na iyon ay ilang ulit nagurong-sulong si Rig na katukin sa silid si Riza. Gusto niyang humingi ng paumanhin. Magpaliwanag. Pero hindi niya malaman kung ano ang sasabihin. Hindi niya tiyak kung dapat nga ba siyang magpaliwanag.

“Ah, huwag na nga!” naiinis na naipasya niya sa dakong huli. Bakit pa? Tatal, aalis na si Riza. Malay ba niya kung magtatagpo pa uli ang landas nila.

3

“My goodness! Where have you been?”

Kulang na lang ay mabasag ang eardrum ni Riza sa sobrang lakas ng boses ni Lane mula sa kabilang linya.

“Diyan lang, sa tabi-tabi.”

“Sus! Diyan lang sa tabi-tabi, eh nangalyo na nga ang mga daliri ko katatawag sa iyo. Now, tell me, saan ka nagpunta?” Ayaw paawat ni Lane.

“Sa isang resort. Tinapos ko iyong teleplay na ipinapagawa sa ‘kin.”

“Oh, I see. Ako, tanungin mo kung kumusta na ‘ko.” May kakaibang timbre ang tinig ni Lane. Halatang kinikilig ito.

“O, kumusta ka na nga ba?” Pinilit ni Riza na magkaroon ng buhay ang pananalita maski sa katunayan ay wala siyang kagana-ganang kausapin muna ang kaibigan. Parang alam na kasi niya ang sasabihin nito.

“Ay, mabuting-mabuti! Sorry, ha? Pero si Mark... m-mukhang sa ‘kin nagkakagusto, eh. Alam mo

namang hindi ko sinadyang akitin siya. E-ewan ko, basta bigla siyang dumikit-dikit sa akin. Wala na 'kong nagawa."

"Okay lang iyon." Wala nang ibang maisip isagot si Riza. Ayaw naman niyang awayin si Lane nang dahil lang sa isang lalaki.

"Okay lang? Naku, ang bait mo talaga! Anyway, hayun, kuntodo ligaw na sa 'kin ngayon ang mokong. Ang sweet-sweet nga, eh. Pa-roses and chocolates effect pa!" Lalong kinilig si Lane sa pagbibida.

"Sasagutin mo ba?" Tuyo pa rin ang tinig ni Riza.

"Hmm... hindi ko pa alam. Baka. Pero sigurado ka, okay lang sa iyo?"

"Oo sabi. May magagawa ba 'ko, eh ikaw ang type niya? Alangan namang ipagsiksikan ko ang sarili ko sa kanya, 'no!" sabi ni Riza.

"Well, you have a point there. At least, hindi na 'ko ngayon magi-guilty na magkuwento sa iyo ng tungkol sa 'min. Excited na excited na kasi ako, eh. Bukas nga, magkikita kami ulit. Niyayaya niya ako sa Harbor View, 'yung restaurant na malapit sa Manila Bay? How romantic, di ba?"

"Oo, romantic nga."

Kung anu-ano pa ang ikinuwento ni Lane. Mga insidenteng kahit paano ay nagpapasariwa pa rin sa kirod ng damdamin ni Riza. Hindi madaling makinig sa mga bagay na inaasam niyang sana ay sa kanya ginagawa ng lalaking lihim niyang itinatangi. Latang-lata tuloy siya nang ibaba ang telepono.

Di-sinasadya ay pumasok sa isipan niya si Rig. *Magkikita pa kaya kami?* naitanong niya sa sarili. Mukhang malabo.

Walang sinabi ang binata na puwedeng magpahiwatig na interesado pa ito na makita siyang muli.

Napakalaki ng panghihinayang na nadama ni Riza.

Maraming araw ang lumipas. At sa bawat pagpapalit ng petsa ay tumitindi ang paniniwala ni Riza na hindi na nga niya makikita pa si Rig. Ipinasya niyang kalimutan na lang ito gaya ng ginawa ng binata sa kanya.

Isang araw, papasok sa *BPI* si Riza para i-encash ang kanyang tseke nang mabangga siya ng isang lalaki.

“Ooops! Sorry...” awtomatiko niyang sabi, sabay yuko para damputin ang kanyang handbag na nalaglag sa sahig.

“Talaga bang parati na lang tayong magbabanggaan?” tanong ng lalaki.

Napatingala si Riza.

“Rig? Ikaw nga ba?” Hindi siya makapaniwala.

“Bakit? May iba ka pa bang type na bungguin?” nakatawang sagot nito. “Ako lang naman ang paborito mong bungguin, di ba?”

Parang lumikwad ang puso ng dalaga. Hindi niya akalaing ganoon kalaki ang tuwang madarama niya sa muli nilang pagkikita ni Rig.

“O, hindi ka na nakakibo,” puna ng binata.

“Hindi ko inaasahang magkukrus pa ang landas natin,” pagtatapat ni Riza. *Akala ko kasi’y binura mo na ‘ko sa isip mo, gusto sana niyang idagdag.*

“Kasalanan ko. Ang tagal ko nang binabalak na tawagan ka pero parati kong ipinagpapaliban. Anyway, ang mahalaga’y nagkita tayo ngayon. May pupuntahan ka ba pagkagaling dito?” tanong ni Rig.

Umiling siya.

“Good. Kain tayo,” yaya ng binata.

Tumango si Riza. Tila nawalan na yata siya ng kakayahang magsalita.

“Sige, hihintayin kita habang tinatapos mo ang mga transaction mo,” ani Rig.

Noon lang naalala ni Riza ang sadya niya sa bangkong iyon.

“T-teka, s-sandali lang,” kandautal niyang sabi. Pagkuwa’y nagmamadali niyang tinungo ang gawi ng counter.

Parang lumulutang sa ulap si Riza. Pakiwari niya ay kinakasihan siya ng tadhana. Maghapon ba naman silang magkasama ni Rig. Kumain sila sa Ima, isang restaurant na ang specialty ay mga pagkaing Kapampangan. Pagkatapos ay namasyal sila sa *Shangri-La Plaza* at *SM Megamall*. Sinamahan niyang magbutbot sa mga car accesories shop ang binata. Siya naman ay matiyagang hinintay nito habang nagsusukat siya ng mga damit. Nang kapwa magutom ay nagmerienda sila sa Food Court ng mall.

“Saan ka ba nakatira? Ihahatid na kita,” sabi ng binata nang palabas na sila ng shopping center.

Papayag na sana si Riza – tatanggihan ba niya ang pagkakataong iyon? – nang maalala niyang may usapan sila ni Lane na pupunta ang kaibigan sa bahay niya.

Hindi ako tanga para ipakita ka kay Lane, nasabi ng dalaga sa sarili. Paano kung umandar na naman ang kamandag ng kanyang kaibigan?

“H-huwag na, k-kasi... ano... m-may dadaanan pa ‘ko,” pagsisinungaling niya.

“O, eh di idadaan na kita kung saan man iyon,” anang binata.

“Huwag na lang. B-baka matagalan ako roon, mainip ka.”

“O siya, kung ayaw mo’y huwag na.” Bahagyang nagdamdam si Rig sa ikinilos ng dalaga. Para kasing biglang-bigla ay nagmamadali ang babae na maghiwalay sila. “Sa sakayan na lang kita sasamahan.”

Nang makasakay sa taxi ay nanlulumong isinandal ni Riza ang kanyang ulo. Hinayang na hinayang siya sa pagkakataon. Pero wala siyang magagawa. Mas gugustuhin na niya ang ganoon kaysa makita ito ni Lane.

“Sus ginoo! Dumating ka rin. Akala ko’y na-massacre ka na sa loob kaya walang nagbubukas ng pinto, eh!” bulalas ni Lane pagkababa ng kaibigan sa taxi.

“Medyo natagalan ako, pasensya ka na. Kanina ka pa ba?” tanong ni Riza.

“Hindi naman. Mga five minutes pa lang siguro. Saan ka ba galing?”

“May binili lang,” sagot niya habang inaapuhap sa kanyang handbag ang susi ng bahay. “Ano ba’ng napakalaking emergency at naggugumiit kang sumugod dito?”

“Hay naku, maloloka ako!” Pabagsak na umupo si Lane sa sofa nang makapasok sila sa loob.

Bago makapagpatuloy ang dalaga ay nagtungo muna sa kusina si Riza. Naghanda siya ng merienda. Hindi pa man nagsasabi ang kaibigan ay alam na niya kung ano ang pinoproblema nito. Sa tono pa lang ng pananalita, pihong tungkol ito sa lalaki.

“Ano na iyon?” Umupo si Riza sa silyang katabi ng sofa pagkalapag niya ng tray na may cookies at soft drinks sa mesita.

“Si Mark...” Huminga nang malalim si Lane.

“Mukhang nagseseryeso na sa ‘kin.”

“Ano’ng problema doon? Di ba, gusto mo naman siya?” Laking pasalamat ni Riza at wala na ang interes niya sa naturang lalaki. Kung hindi ay tiyak na magdurugo na naman ang puso niya sa mga sasabihin ng kaibigan.

“Oo nga, pero... ewan ko ba. Parang hindi pa ‘ko handang makipag-commit.”

Gustong-gusto nang sakalin ni Riza si Lane sa sinabi nito.

“Parati ka namang ganyan, eh,” may bahid ng kaanghangang turan niya. “Inaakit mo, tapos ibinabasura mo lang. Ano’ng balak mong gawin ngayon?”

Nagkibit-balikat si Lane. “Hindi ko nga alam kaya nandito ako. Ano sa tingin mo ang dapat kong isagot kay Mark?”

“Aba, ewan ko! Ikaw ang nililigawan, hindi ako. Nasa iyo ang desisyon dahil ikaw lang ang nakakatiyak kung ano ang nararamdaman mo para sa kanya.”

“Nalilito nga ako, eh. Parang gusto ko na parang ayaw. Mabuti ka pa, walang problemang ganito. Sakit

din ng ulo ang maraming manliligaw, akala mo ba?”

Lalong nangati si Riza na pilipitin ang leeg ng kaibigan. *Nakakainsulto na ‘to, ah!* tahimik niyang pagngingitngit.

Matagal pang naglabas ng alinlangan si Lane. Urong-sulong sa relasyong di mawari kung gusto pasukin. Gabi na nang magpaalam ito.

“Salamat, ha? You’re a great friend,” sabi nito kay Riza.

Na-guilty tuloy ang dalaga. Naturingan pa siyang great friend gayong ganoon na lang ang pagpipigil niya para huwang mahambalos si Lane. Isa pa, kapag siya rin ang namomroblema – basta’t hindi lang tungkol sa lalaki – ay ang kaibigan ang dumadamay sa kanya. Dangan nga lang at bakit kasi ang mga binatang pinag-iinteresang pa niya ang umiibig sa kaibigan. Nakakainis!

“Walang anuman iyon,” may bikig sa lalamunang sabi niya.

Kaaalis pa lang ni Lane nang tumunog ang telepono.

“May I speak with Riza Sandoval, please?” anang isang lalaki mula sa kabilang linya.

“Speaking. Sino ito?”

“Ang lalaking pasa-pasa na ang buong katawan sa kababangga mo.”

“Rig?” Natawa si Riza.

“Oo. Inaalam ko lang kung nakauwi ka nang maayos.”

“Oo naman.”

“At saka nga pala... ah... iimbitahan sana kitang lumabas.”

Gustong maglulundag sa tuwa ni Riza pero hindi siya nagpahalata.

“Kailan?” tanong niya na para bang may makakapigil sa kanya.

“Bukas. Mga seven-thirty siguro ng gabi.”

“Hmm, teka...” Nag-isip pa kunwari si Riza kung may iba siyang lakad. Alangan namang ipahalata niya sa lalaking kakanselahin niya kahit anong lakad na gagawin makasama lang ito.

“Puwede ka ba?”

“Oo.”

“Good. Sige, susunduin kita. Saan ka ba

nakatira?”

Ibinigay ni Riza ang address niya.

“Ah, oo, alam kong puntahan iyan. See you tomorrow,” pamamaalam ng binata.

Pagkababa ng telepono, nagpakawala ng isang malutong na ‘Yes!’ si Riza, sabay suntok sa hangin. Ngayon pa lang ay excited na siya sa date nila ni Rig.

Samantala, kanina pa naibaba ni Rig ang telepono pero hindi pa rin maalis-alis ang pagkakatatig niya roon. Para bang gusto niya iyong tanungin kung bakit naisip-isipan pa niyang imbitahin si Riza.

Ngayon pa lang yata ay nagsisisi na siya sa ginawa.